

# Ang Pagboto ng Imigrante *at ang* Kilusan ng Inklusyon *sa* San Francisco

促進會 華人權益 CAA
CHINESE FOR AFFIRMATIVE ACTION

Immigrant Parent Voting Collaborative


**AUTHORS**
Ron Hayduk *Professor, San Francisco State University*
Megan Dias *Ph.D. Candidate, University of Texas at Austin*
Olivia Marti *Ph.D. Student, University of California, Los Angeles*

# Executive Summary

Inlalahad ng paguulat na ito ang pangkalahatang kalagayan ng laban para maipanalo ang lehislasyon sa pagboto ng mga imigrante sa San Francisco, isang batas na kilala din bilang "noncitizen voting", at ang mga naging epekto ng noncitizen voting na ito sa pagpapalakas ng imigrante sa syudad sa kalakhan.[1] Sa loob ng sampung buwan, isang grupo ng mga mananaliksik ang naglunsad ng serye ng mga panayam at mga focus group sa 72 mga kasapi ng komunidad at mga susing stakeholder na nagbigay ng mga mahahalagang pagtingin sa programa ng syudad sa pagboto ng mga imigrante, kabilang na kung paano nakaapekto ang programa sa mga imigrante sa San Francisco, ang mga balakid na kanilang kinaharap sa pagtupad ng kanilang karapatang bumoto, ang pinakamainam na mga praktika ng isinagawa ng mga organisasyong pangkomunidad sa pagharap sa mga balakid na ito, at isang serye ng mga rekomenddasyon. Ang grupo ng mananaliksik ay humalaw rin ng mga impormasyong maaaring magamit mula sa talaang pampubliko, kabilang na ang mga datos sa census at eleksyon, mga ulat ng gubyerno at patakaran, mga ulat balita, at mga gawa ng mga iskolar. Magpapalawig kami sa aming mga pamamaraan at mga pinaghalawan sa ibaba, at aming ilalahad ang mga pangalan ng aming mga nakapanayam sa dulo ng ulat na ito. Nagsimula kami sa pagsusuma ng mga susing puntong kinalalabasan ng aming pananaliksik.

## Suporta sa Karapatang Bumoto ng mga Imigrante


Iniulat ng mga taong aming nakapanayam mula sa lahat ng mga grupo – mga magulang, istap at mga organisasyong nakabase sa komunidad, mga opisyal ng gubyerno at mga akademiko – na sila ay nasabik nang malaman ang tungkol sa karapatang bumoto ng mga imigrante. Nakita ng aming mga nakapanayam na ang noncitizen voting ay isang pamamaraan para mapagtibay ang boses ng imigrante, para impluwensiyahan ang mga desisyon sa school board upang mapabuti ang kalagayang matuto ng kanilang mga anak, para mabigyan ng lakas ang mga imigrante, at maisulong ang katarungang panlahi (racial justice) at ang kanilang pagkakasama o inklusyon batay sa karampatang panuntunan.

## Si Trump at ang Banta ng Pagpataw ng Imigrasyong Federal

Ang pagkapasa sa panukalang balota sa San Francisco ay nataon sa pagkahalal ni Donald Trump noong 2016, na iniamba ang partikular na mga hamon sa pagpapatupad ng bagong batas. Dahil ang mga datos sa rehistrasyon ng mga botante ay hindi kumpidensyal, kinatakutan ng mga imigrante ang detensyon o mga komplikasyon sa pagkamit ng citizenship kung sila ay magpaparehistro para bumoto, na nakaambag sa relatibong mababang antas ng mga rehistrasyon at partisipasyon ng mga botanteng imigrante.

## Mga Hadlang Pangwika o Lenggwahe

Ang mga hadlang pangwika o panglenggwahe ay nagbigay ng mga hamon sa pagpapatupad ng mga imigrante sa kanilang karapatang bumoto, kahitpaman mayroong San Francisco Language Access Ordinance.




[1] Sa ulat na ito, gamit namin ang maraming terminolohiya ng salit-salitan -- pagboto ng imigrante ("immigrant voting"), pagboto ng hindi citizen ("noncitizen voting"), pagboto ng residente ("resident voting"), lokal na pagiging citizen ("local citizenship") at pagboto ng dayuhan ("alien suffrage") – sapagkat sa esensya parepareho ang ibig sabihin ng mga ito: pagbibigay ng karapatang pagboto o pagpanumbalik ng karapatang bumoto sa mga residente ng isang kinasasakupan na sa kasalukuyan ay hindi kasama bilang mga botante dahil sila ay hindi mga U.S. citizen. Ipinagiba namin ang mga imigranteng ipinanganak sa labas ng bansa na hindi mga citizen sa mga imigranteng ipinanganak sa labas ng bansa na nakapagnaturalisa na at naging mga US citizen, bilang konsepto at sa empirikal din kung ibinibigay ng mga datos.

## Kakulangan sa Kaalaman at Mga Limitasyon sa Panahon

Maraming mga magulang na imigrante ang nagsabi na hindi nila alam na sila pala ay may bagong karapatang makaboto, kahitpaman mayroong mga notisya mula sa School District at impormasyon sa website ng Department of Elections.

## Dating Karanasasan na Napagkaitan ng Karapatan

Ang mga imigrante mula sa mga bansang hindi pinapayagang makaboto, o di kaya'y pinaparusahan, ay mas malamang na hindi lalahok.

## "Kapangyarihan, Hindi Takot"

Isang grupo ng mga organisasyong pangkomunidad ang nagbuo ng Immigrant Parent Voting Collaborative (IPVC) at nagsagawa ng ekstensibong edukasyon ng mga botante at outreach,  at nakahalubilo nito ang ilampung libong mga imigranteng caregiver sa ibang mga anyo ng paglahok nito sa sistemang pangeskwelahan. Itinuring ng mga advocate itong pagabot sa mas malawak na nasa eskwelahan bilang isang anyo ng "tagumpay" lampas sa bilang ng rehistrasyon at boto. Nakapagbuo rin ang mga advocate ng pagtutulungan at pagkakaisa sa hanay at lahat ng grupo (Latinx, AAPI, African, Arab, African American), na nakatulong sa kanilang kasalukuyang pagsisikap sa pagbubuo ng base at sinuportahan ang pagtutulungan sa iba pang mga isyu na komon satt kanila na layon ay ang pagpapalakas ng mga imigrante.

## Mga Hamong Pang-Ligal at Iba pang Oposisyon

Kinakaharap ng California ang pambihirang mga hamon sa pagsusulong ng boto ng mga imigrante, dahil ang isang kaso sa korteng hinahamon ang batas ng San Francisco ay banta sa karapatan ng mga imigranteng bumoto sa San Francisco at sa iba pang mga munisipalidad sa buong estado na layon ang kaparehong batas.  Nangangamba rin ang ilang mga advocate na ang tulak para sa karapatang pagboto ng mga imigrante ay maaaring magtulak sa mas malupit na mga tugon ng mga grupong anti-imigrante, tulad ng paglalagay sa panganib ng mga lehislasyong maka-imigrante at sa kasalukuyang pagsisikap na maproktektahan at maisulong ang mga karapatan ng mga imigrante.

## Ang Kinabukasan ng Pagboto ng mga Imigrante

Mayroon din namang mga pambihirang oportunidad ang California sa daraanang kinakaharap, sa harap ng makapal nitong network ng mga adbokasiyang organisasyong pang-imigrante at milyong mga imigranteng pamilya sa estado. Para harapin ang ganitong mga hamon at oportunidad, inilusand ng Chinese for Affirmative Action (CAA) at ng IPVC ang 75 mga stakeholder sa pagboto ng imigrante sa buong California noong Marso 2023 para palakasin pa ang kilusan para sa pagboto ng imigrante para sa sunod na mga pagkilos. Mula noong pagkalunsad, ang mga advocate sa buong California ay regular na nagpupulong para magsagawa ng estratehiya sa susunod na mga kampanya at mga pamamaraan para maigpawan ang mga hamon sa ligal at sa implementasyon.

## Mga Rekomendasyon para sa San Francisco at Iba pang mga Hurisdiksyon

Ang mga advocate, mga caregiver, mga kawani ng gubyerno, at halal na mga opisyal na aming nakapanayam ang nagsagawa ng sumusunod na mga rekomendasyon para mapaunlad ang programang pagboto ng mga imigrante sa San Francisco.  Ang mga rekomendasyong ito ay maaari din umayon sa iba pang mga syudad sa pagkonsidera  ng batas o kampanya sa pagboto ng imigrante:

**Isentro ang mga imigrante at ang mga organisasyong** nagsisilbi sa mga imigrante sa pagkamit ng mga karapatan sa pagboto ng imigrante

**Ikoordina ang kritikal na masa ng mga stakeholder** sa ibat ibang sektor at mga komunidad

**Pondohan ang mga organisasyong pangkomunidad** sa paglunsad ng mga edukasyon ng botante at outreach, kaalinsabay ang mga ahensya ng gubyerno para **mapalakas ang demokrasyang multikultural**

**Paunlarin ang epektibong komunikasyon at mga estratehiyang pangmedya** sa ibat ibang wika na aabot sa mga kasapi ng mga komunidad,  ipinapatupad ng malawak na saklaw ng mga ahensyang panggubyerno, mga grupong pangsibiko, at mga lagusan ng medya

**Paunlarin ang mas mahusay na mga proteksyon ng mga imigrante** sa pagparehistro at pagboto na nagbibigay ng mas mataas na pagtitiwala sa seguridad, laluna ng mga walang papel at ng mga pamilyang halu-halo ang istatus